

# Patnubay sa pagpapatala at pagboto

Bilang isang mamayang Australyano na nasa edad 18 taon o higit pa, mayroon kang karapatan at katungkulan na magpatala at bumoto sa mga halalang pederal. Sapilitan ang pagpapatala at pagboto. Kung hindi ka bumoto, maaari kang mamultahan.

## Paano kami makatutulong?

Ang Australian Electoral Commission (AEC) ay may tungkulin sa pagpapanatili ng listahan ng mga botante (electoral roll) ng Commonwealth at sa pagsasagawa ng mga pederal na halalan, mga 'by-election' at mga referendum.

Ang AEC ay hindi nagsasagawa ng mga halalang pang-estado, teritoryo o lokal na pamahalaan. Ang mga ito ay isinasagawa ng mga ibang awtoridad sa halalan.

## Pagpapatala

Bago ka makaboto, kailangan mong matiyak na ang iyong pangalan ay nasa electoral roll. Ang electoral roll ay listahan ng lahat ng mga kwalipikadong mamamayan na nakarehistrong bumoto sa mga halalang pederal at referendum.

### Maaari ba akong magpatala?

Ipinag-uutos ng batas na magpatala ka kung ikaw ay:

- 18 taong gulang o mas higit pa
- isang mamamayan ng Australia
- nakatira sa iyong kasalukuyang address nang kahit isang buwan pa lamang.

Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, maaari ka nang magpatala ngayon upang sa pagsapit ng iyong ika-18 kaarawan ay handa ka nang bumoto.

### Paano ako magpapatala?

Maaari kang magpatala sa [www.aec.gov.au/enrol](http://www.aec.gov.au/enrol).

Maaari mo ring bisitahin ang alinmang tanggapan ng AEC o tindahan ng Australia Post para sa isang aplikasyon ng pagpapatala.

### Hindi ako sigurado kung ako ay nakatala na

Maaari mong alamin ang iyong pagpapatala sa [www.aec.gov.au/check](http://www.aec.gov.au/check).

### Ano ang gagawin ko kung nagbago ako ng aking tirahan/pangalan?

Tuwing lilipat ka ng tirahan o magbabago ng iyong pangalan, kailangan mong iayon ang iyong pagpapatala sa iyong mga bagong detalye. Maaari mong baguhin ang iyong mga detalye sa kompyuter sa [www.aec.gov.au](http://www.aec.gov.au). Maaari ka ring bumisita sa alinmang tanggapan ng AEC office o tindahan ng Australia Post para sa isang aplikasyon ng pagpapatala.

### Ano ang dapat kong gawin kung ako ay mangingibang-bansa?

Kung mangingibang-bansa ka upang magtrabaho o tumira doon, kailangang mo itong ipaalam sa AEC. Kung ikaw ay nasa ibang bansa at ibinalitang magkakaroon ng halalang pederal o referendum, kailangang ipaalam mo rin sa AEC.

Kung hindi mo ito gagawin, maaaaring matanggal ang iyong pangalan sa electoral roll at hindi ka na makakaboto sa mga darating na halalan.


Makakakuha ng karagdagang impormasyon sa [www.aec.gov.au/overseas](http://www.aec.gov.au/overseas).

## Pagboto

Ang isang pederal na halalan ay ginaganap isang beses bawat tatlong taon at ang araw ng halalan ay laging Sabado. Kung kailan at saan ka boboto ay depende kung nasaan ka sa araw ng halalalan.

### Sa araw ng halalan

Maaari kang bumoto saan mang lugar ng botohan sa iyong tinitirhang estado o teritoryo. Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula alas 8 ng umaga at nagsasara ng iksaktong alas 6 ng gabi.



Mga halimbawa na papel ng balota

Kung ikaw ay nasa ibang estado o teritoryo at hindi ka nakaboto nang maaga pa, kailangan kang bumoto sa isang sentro ng botohan sa interstate (interstate voting centre).

Ang listahan ng mga lugar ng botohan at interstate voting centre ay makukuha sa [www.aec.gov.au](http://www.aec.gov.au) ilang linggo bago pa ang araw ng halalan. Kung hindi ka makakaboto sa lugar ng botohan sa araw ng halalan, maaari kang bumoto nang maaga.

### Iba pang mga mapagpipilian

Maaari kang bumoto ng maaga alinman sa personal na pagpunta o sa pamamagitan ng koreo kung sa araw ng halalan na ikaw ay:

- nasa labas ng lugar ng electoral division kung saan ikaw ay nakatala para bumoto
- ay lagpas ng 8km mula sa isang lugar ng botohan
- ay nagbibiyaha
- ay hindi makaalis sa iyong lugar ng trabaho para bumoto
- ay seryosong nagkasakit, mahinang-mahina o nakatakdang manganak (o nag-aalaga sa isang manganganak)
- ay isang pasyente ng ospital at hindi makaboto sa ospital
- ay may relihiyosong paniniwala na nagpipigil sa iyo para makapunta sa isang lugar ng botohan
- ay nakakulong para magsilbi sa hatol na mababa sa tatlong taon o di kaya ay nakakulong
- ay isang tahimik na botante
- ay may makatwirang pangamba sa iyong kaligtasan.

Bukas ng ilang linggo ang mga sentro ng maagang pagboto (early voting centre) habang paparating ang araw ng halalan at ang kanilang mga lugar at araw ng pagbubukas ay ilalathala sa [www.aec.gov.au](http://www.aec.gov.au).

Upang bumoto sa pamamagitan ng koreo, ikaw ay makapag-a-apply sa online o kumuha ng porma ng aplikasyon para sa pagboto sa koreo saan mang tanggapan ng AEC. Ipapadala ng AEC ang iyong postal voting pack matapos mapili ang mga kandidato para sa halalan.

### Bigyang halaga ang iyong boto

Sa isang pederal na halalan, bumoboto ka ng mga taong kakatawan sa iyo sa dalawang kapulungan ng Australian Parliament: ang Mababang Kapulungan at ang Senado.

Makakatanggap ka ng dalawang papeles ng balota:

- isang berde para bumoto sa kinatawan ng iyong lokal na lugar (o electoral division) sa Mababang Kapulungan (House of Representatives), at
- isang puti para bumoto sa kinatawan ng iyong estado o teritoryo sa Senado.

Ang mga tagubilin kung paano bumoto ay naka-imprenta sa mga balota. Kung nagkamali ka o hindi ka sigurado kung ano ang gagawin, humingi lang ng tulong sa opisyal ng botohan.

### Gusto mo ba ng karagdagan impormasyon?

May makukuha kang karagdagan tungkol sa sistema ng pagboto at tungkol sa pagpapatala at pagboto sa [www.aec.gov.au](http://www.aec.gov.au).

Makakakuha ng mga serbisyo ng pagsalinwika sa telepono. Para sa impormasyon tungkol sa pagpapatala, pagboto at mga halalan sa wikang Filipino/Pilipino, tumawag sa 1300 720 153.

Kung ikaw ay may pagkabinig o may kapansanan sa pandinig o pagsasalita, tawagan kami sa pamamagitan ng National Relay Service (NRS):

- Sa mga gumagamit ng TTY, tumawag sa 13 36 77 at hilingin ang 13 23 26.
- Sa mga gumagamit ng Speak and Listen, tumawag sa 1300 555 727 at banggitin ang 13 23 26.
- Sa mga gumagamit ng Internet relay, kumonekta sa NRS, pagkatapos ay hilingin ang 13 23 26.